PAGBABAHAGI NG SALITA

Liksyon 7 para sa ika-15 ng Agosto, 2020

INTRO: Paano natin ibabahagi ang salita? Ang ilang iglesia ay gumagawa ng maraming paraan upang maalis ang mga hadlang upang makausap ang ibang tao. Ang iba ay tumutulong sa pagparking ng sasakyan, nagbibigay ang ilan ng regalo o pagkain, o personal na inaanyayahan sila sa simbahan. Kayo? Ano ang paraan nyo para makapagbahagi ng Salita ng Dios?

A Ano ang sabi ng Biblia tungkol sa kanyang sarili?

❖ **Katangian nito.**

— Ang Biblia ay ikinumpara sa iba't-ibang mga simbolo na nagpapakita ng mga katangian nito. Anu-ano ito?

(1) Awit 119:105. *Ilaw*. Naiilawan ang mga madilim na kaisipan.
(2) Jeremias 23:29. *Apoy*. Tinutupok nito ang abo ng ating kasalanan.
(3) Jeremias 23:29. *Martilyo*. Dinudurog nito ang matigas nating puso.
(4) Lucas 8:11. *Buto*. Nagtatanim ito ng buhay sa atin na nagdudulot ng bunga para sa kaharian ng Dios.
(5) Matthew 4:4. *Tinapay*. Pinapawi nito ang gutom ng ating kaluluwa at pinapalusog ang espiritu.

— Ano pa sa tingin nyo ang mga bagay sa panahon ngayon na maikukumpara sa Biblia?

❖ **Kapangyarihan nitong gumawa.**

— Ano ang relasyon ng salita ng Dios at ang mga naisulat sa Biblia? Ang makapangyarihang Salita ng Dios na lumilikha ay makikita rin sa naisulat Niyang Salita, ang Biblia. Ang Espiritu na gumawa sa Paglikha ay Siya ring kumasi sa Kasulatan.

— Bakit mahalaga na alalahanin na ang Salita ng Dios ay lubos na ipinahayag sa Tagapagligtas na si Jesus? (Juan 5:39-40)

— Paano naipakita ng Salita ng Dios ang kanyang makapangyarihang gawa sa iyong buhay?

B Anong magagawa natin dito?

❖ **Gawin ang pinakamaraming pakinabang dito.**

— Ang Biblia ay puno ng mga pakinabang sa ating buhay. Anu-ano ito?

(1) 2 Pedro 1:4. Ginagawa nito tayong kasalo sa likas na banal.
(2) Santiago 1:21. Nililigtas nito ang ating kaluluwa.
(3) Gawa 20:32. Nagbibigay ito ng mana sa ating mga pinabanal.
(4) 2 Timoteo 3:15, 17. Ginagawa tayong nitong matalino, perpekto, at handa sa bawat mabuting gawa.
(5) 2 Timoteo 3:16.
  (a) Doktrina. Ipinapahayag nito ang katotohanan at pinapabulaan ang mali.
  (b) Saway. Inihahayag nito ang ating kasalanan.
  (c) Pagtuwid. Binabago nito ang ating kamalian.
  (d) Turo. Ipinapahayag nito ang katuwiran ni Kristo.

Marami sa mga kristysno ang hindi masyado o talagang hindi nag-aaral ng Biblia. Ano kaya ang dahilan ng pagbaliwala na ito?

❖ **Maniwala sa mga pangako nito.**

— Bakit mahalaga na gamitin ang Salita ng Dios sa iyong buhay? (Roma 15:4)

— Ang mga pangako ng Dios sa Biblia ay patunay na inaalala ng Dios ang ating pisikal at espiritwal na mga pangangailangan.

— Gayunman, ang Kanyang mga pangako ay may pasubali. Mapapawalang bisa ito ng kakulangan sa pananampalataya (Hebreo 4:2).

— Ang mga pagpapala ng mga pangako ng Dios ay magiging atin kung ating pinapahayag ito sa pananampalataya at naniniwalang iyon ay totoo dahil si Kristo ay laging tapat.

❖ **Pagbabahagi nito.**

- Roma 1:16. Bakit hindi nahihiya si Pablo na ibahagi ang Ebanghelyo sa iba?
- Isaias 50:4. “Ginigising” ng Dios ang ating mga tenga at binibigyan tayo ng karunungan kung nag-aaral tayo ng Biblia araw-araw. Binibigyan rin Nya tayo ng “dila ng mga naturuan” upang ating maibahagi ang mabuting balita sa iba.
- Lahat tayo ay nakakaranas ng minsan ay nahihiya o nagdadalawang isip na ibahagi si Jesus sa iba. Paano natin mapanagumpayan ang pagiging mahiyain?
- Paano mo makikilala ang taong bukas ang puso sa pagtanggap sa katotohanan ng Salita ng Dios?

PASYA: Kaibigan tinawagan tayo ng Dios upang ibahagi ang mensahe ng Biblia na may lubos na pagtitiyaga. Ang pag-unawa sa Biblia ay nagbibigay sa atin ng biyaya, kapayapaan, kaligayahan, kasiguruhan, kaluwalhatian, at kahusayan. Hindi tayo matatakot upang humanap ng ligtas na lugar, kundi magagalak tayo sa kapangyarihan at pakikipagkaibigan ng dakilang Dios ng langit! Nais nyo po ba ng ganoon? Bakit hindi ka manampalataya ngayon?

NEXT WEEK: **Paglilingkod Gaya ni Jesus**